

DISTRITO NG PINAG-ISANG PAARAALAN NG LOS ANGELES

PAHAYAG NG WALANG DISKRIMINASYON

Ang Distrito ng Pinag-isang Paaralan ng Los Angeles ay nakapangakong magbibigay ng isang kapaligiran sa trabaho at pag-aaral na walang diskriminasyon, panliligalig, intimidasyon, mapang-abusong asal o pambu-bully. Hindi pinapayagan ng Distrito ang diskriminasyon, panliligalig, intimidasyon, mapang-abusong asal o pambu-bully sa batayan ng aktwal o hinalang lahi o etnisidad, kasarian (kabilang ang pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, pagbubuntis, panganganak, estado sa pagpapasuso/paggagatas at mga katulad na kondisyong medikal), sekswal na oryentasyon, relihiyon, kulay, internasyonal na pinagmulan (kabilang ang mga paghihigpit sa paggamit ng wika at ang pagmamay-ari ng isang lisensya sa pagmamaneho na naka-issue sa ilalim ng Code ng Sasakyan), kaninu-ninuan, estado ng imigrasyon, pisikal o mental na kapansanan (kabilang ang depresyong klinikal at sakit na bipolar, HIV/AIDS, hepatitis, epilepsy, sakit ng pangingsay, diyabetis, maramihang sclerosis, at karamdaman sa puso), kondisyong medikal (mga katangiang may kinalaman sa kanser at genetiko), estado ng mga militar at beterano, estado ng pagpapakasal, estado ng nakarehistrong domestikong kapartner, edad (40 pataas), impormasyong genetiko, politikal na paniniwala o pagkakaugnay (maliban kung tungkol sa union), asosasyon ng isang tao sa isang tao o grupo nang may isa o higit pa sa mga aktwal o hinihinalang mga katangian, o anumang basehang protektado ng pederal, estado o lokal na batas, ordinansa, o regulasyon ng anumang programa o aktibidad na ginagawa nito o siyang nagbibigay ng makabuluhang pagtulong.

Ang diskriminasyon ay ibang paggamot batay sa protektadong katangian sa konteksto ng isang programang pang-edukasyon, trabaho o aktibidad nang walang lehitimong dahilan ng walang diskriminasyon na pumipigil o naglilimita sa kakayahan ng isang indibidwal na sumali o makinabang sa mga serbisyo, mga aktibidad, o mga prebelihiyo na binibigay ng Distrito o kabilang sa isang salungat na aksyon sa trabaho.

Ang panliligalig ng isang masamang kapaligiran ay nagaganap kapag ang isang inaasinta ay napapasailalim sa di-angkop na pag-uugali batay sa isang protektadong katangian, na parehong subhetibong nakasasakit sa inaasinta at nakasasakit sa isang rasonableng tao na may protektadong katangian sa ilalim ng parehong kalagayan, at sapat na malubha, paulit-ulit, o laganap na siyang pumipigil o naglilimita sa kakayahan ng isang indibidwal na epektibong makatrabaho o makasali o makakuha ng benepisyo mula sa mga serbisyo, mga akitibidad o mga oportunidad na inaalay ng Distrito. Ang panliligalig ay may iba't ibang mga porma, kabilang ngunit hindi limitado sa, punto ng pananalita at pangungutya, graphic at mga nasusulat na pahayag, o anumang asal na maaaring maging mapagbanta o mapagpahiya. Ang panliligalig na batay sa anumang nabanggit na protektadong kategorya sa itaas ay isang porma ng labag sa batas na diskriminasyon na hindi pahihintulutan ng Distrito at maaaring magresulta sa aksyong pandisiplina laban sa nakasakit na estudyante o empleyado

Matapos makasaksi ng isang aktong may diskriminasyon, panliligalig, intimidasyon, mapang-abusong asal o pambu-bully sa batayan ng aktwal o hinalang protektadong katangian, ang mga tauhan ng paaralan ay kinakailangang gumawa ng agarang hakbang upang mamagitan kapag kapag ligtas na itong gawin. Matapos makapagbigay ang paaralan/episina ng abiso o dahilan upang alamin ang nangyaring asal, ito man ay ginawa ng mga empleyado, mga estudyante o mga third party, kinakailangan ng agaran at nararapat na hakbang upang imbestigahan o kaya naman ay alamin ang nangyari at gumawa ng maagap at epektibong mga hakbang na makatwirang kinakailangan upang matigil ang asal, alisin ang isang masamang kapaligiran, kung may nabuong ganito at pigilang muling umulit ang asal. Ang mga hakbang na ito ay kailangang gawin kahit pa man na ang isang indibidwal ay nagreklamo o humihingi ng aksyon sa paaralan/episina. Ang mga nagreklamo ay protektado sa paghihiganti. Hindi pinapayagan ng Distrito ang paghihiganti sa sinumang naglagak ng reklamo o ng apela, ng ulat sa mga pagkakataong hindi nasunod ang alituntunin, diskriminasyon, panliligalig, intimidasyon, mapang-abusong asal o pambu-bully, o nakisali sa paghain ng reklamo o proseso ng imbestigasyon. Ang patakarang ito ng walang diskriminasyon ay naaangkop sa lahat ng mga akto na may kaugnayan sa akitibidad ng paaralan o pagpasok sa paaralan sa loob ng anumang paaralan/episina na nasa ilalim ng hurisdiksiyon ng Superintendent ng Distrito ng Pinag-isang Paaralan ng Los Angeles.

Para sa mga katanungan o mga reklamo na may kaugnayan sa diskriminasyon, panliligalig, intimidasyon o mapang-abusong asal sa batayan ng aktwal o hinalang mga protektadong katangian, makipag-ugnayan sa administrador ng paaralan, ang Titulong IX/Tagapamahala ng Bullying Complaint o:

**Julie Hall-Panameño, Seksyon ng Distrito 504 at Titulong IX Coordinator
Opisina ng Educational Equity Compliance, (213) 241-7682**

Para sa mga katanungan o mga reklamo na patungkol sa empleyado-sa-empleyado, estudyante-sa-empleyado, o may ginagawa/trabaho na may kaugnayan sa diskriminasyon, panliligalig, mapang-abusong asal o intimidasyon, makipag-ugnayan sa administrador ng ivong paaralan o:

Pangkat ng May Pantay na Oportunidad, (213) 241-7685

**Ang Parehong Opisina ay matatagpuan sa:
Distrito ng Pinag-isang Paaralan ng Los Angeles
333 South Beaudry Avenue – 20th Floor
Los Angeles, CA 90017**